Pansamantalang pagpapatigil ng pangingisda sa panahon ng Covid

Ipinahayag ng DA noong nakaraang linggo ang plano nitong pansamantalang pagpapatigil ng pangingisda ng galunggong, magsisimula sa Nobyemre 1 at tatagal ng tatlong buwan. Limang taon nang ipinatutupad ang programang ito sa tatlong lugar sa bansa na may pinakamaraming produksyon ng galunggong, sa Visayan Sea, Zambales Peninsula at sa Palawan.

Sa ilalim ng programa, ipinagbabawal ang maramihang panghuhuli sa panahon ng pagpaparami ng galunggong. Layunin nitong hayaang makapagparami ang galunggong para higit na mapanatili ang malakihang huli nito.

Ang sistemang ito ay napatunayan nang mabisa, ayon sa mga namamahala sa pangingisda. Base sa pag aaral dumarami ang isda sa pamamaraang ito. Sa kabilang banda, mayroon din itong kinakaharap na kontrobersiya, sapagkat sa panahon na kakaunti ang huli, kailangang mag-angkat ng pamahalaan sa ibang lugar ng isda. Isang solusyong tila sampal sa mukha ng mga mangingisda.

Sa kasalukuyang sitwasyon ng pagpapatupad nito. muling mabibigyang diin na mag angkat muli upang masolusyunan ang kakulangan ng isda sa pamilihan. Sa mga nakaraang taon halos 50 porsyento ng pag aangkat ng galunggong at mackerel ang kailangang gawin.

Sa taong ito, higit na malaki ang epekto nito sa seguridad ng pagkain, dahil nga nahaharap tayo sa pandaigdidang pandemya at kakulangan ng suplay ng makakain. Nagpapakita ito na kung patuloy nating gagawin ang tatlong buwang pagbabawal sa paghuhuli ng isda, marapat lamang na handa ang pamahalaang lokal at ang pamayanan ng pangingisda na maisaayos at masolusyunan ang malaking pangangailangang ito.

Maaari rin namang huwag ng ipatupad ang moratorium na ito ng isang taon dahil nga sa pandemyang kinakaharap natin.